Seattle City Light pahayagan ng kustomer:
May-June 2013 Light Reading

Mula sa Superintendente

Ipinagmamalaki ng City Light ang pagkapanalo nito sa JD Power and Associates Customer Satisfaction Award. Ang JD Power survey ay nagtatanong sa mga kustomer tungkol sa serbisyo, pagiging maaasahan, mga bayarin , komunikasyon, pangkumonidad na responsibilidad ng kompanya, at higit pa.



Ikinararangal namin na ang palingkurang-bayan ang hinirang na pinakamahusay ng aming mga kustomer. Ito ay naghanay sa amin bilang una sa Kanluran sa mga katamtamang palingkurang-bayan.

Bagama't ang award na ito ay nagmula sa komunidad ng mga negosyante, nais naming bigyan ng superyor na serbisyo ang lahat ng aming mga kustomer. Halimbawa, kami ay pagpapalawak ng aming mga alok ng diskwento upang matulungan kayong makatipid ng enerhiya at pera. Basahin ang tungkol sa mga alok ng diskwento sa pahayang ito.

Sa City Light, palagi kaming nagsusumikap na magbigay ng pinakamahusay na posibleng serbisyo sa kustomer.
- Jorge Carrasco, superintendente

Mainit na tubig, malaking katipiran

Ang pag-iinit ng tubig sa inyong bahay ay gumagamit ng malaking elektrisidad. Magtipid ng pera at enerhiya sa pamamagitan ng:
- Paggamit ng malamig na tubig sa inyong makinang panlaba;
- Punuin ng kargada ang parehong makinang panlaba at makinang panghugas ng pinggan;
- Gumamit ng episyenteng makinang panlaba at pampainit ng tubig.

Sa ngayon, maaari kayong makatanggap ng $100 diskuwento sa isang bago't mahusay na makinang panlaba. Sa buong buhay nito, ang makinang panlaba ay maaaring magtipid ng mga gastos sa koryente at tubig upang matakpan ang mga presyo ng pagbili. Ang mga makinang ito ay banayad sa mga damit, at gumamit ng mas kaunting sabong panglaba. Para sa mga detalye ng produkto at diskuwento, bisitahin ang www.seattle.gov/appliance.

Kung papalitan ninyo ang inyong pampainit ng tubig, isaalang-alang ang pagbili ng isang *heat pump* na pampainit ng tubig - ang pinakamahusay na pampainit ng tubig na nasa pamilihan ngayon. Bilang karagdagan sa $500 diskuwentong inaalok ng City Light kayo ay makatitipid ng 25-50 porsiyento sa inyong bayarin sa elektrikong pag-iinit ng tubig. Dagdagan ang kaalaman sa www.seattle.gov/appliance.

Iba pang mga ideya upang makatipid sa gastos ng pag-iinit ng tubig:
- Maligo nang mabilis - hindi hihigit sa limang minuto;
- Gumamit ng isang episyenteng showerhead.

Ang City Light ay nag-aalok ng diskwento hanggang $10 sa WaterSense showerhead sa mga kalahok na mga tindahan. Ang mga kustomer na lilipat sa episyenteng showerhead ay makatitipid ng hanggang sa $40 bawat taon sa mga gastos sa koryente at tubig. Higit pang impormasyon sa www.seattle.gov/light/conserve/showerhead/

Mayroon ba kayong katanungan tungkol sa pagtitipid o aming mga programa sa nababagong enerhiya? Tumawag ng Seattle City Light Energy Advisor sa 206.684.3800 o mag-email sa SCLEnergyAdvisor@seattle.gov

Tulong para sa bayarin sa palingkurang-bayan
Kung ang inyong pampamilyang kinikita ay hindi humihigit sa 70 porsyento ng panggitnang kita sa estado, maaari kayong makatanggap ng kabawasan ng bayarin mula sa City Light - hanggang sa 60 porsiyentong kabawasan sa inyong bayarin sa koryente. Kumuha ng higit pang impormasyon tungkol sa programang ito online, www.seattle.gov/light/accounts/assistance, o tumawag sa 206.684.3417.

Sa inyong purok: nagtatrabaho ang City Light
Ang mga tauhan ay nasa mga purok na ito, nagtatrabaho upang panatilihin ang inyong mga ilaw.
- 2nd Ave. alley and James St.: inaayos ang pang-ilalim ng lupang imprastraktura;
- Broadmoor: iniineksyonan ng silicone ang nakabaong mga kable upang pahabain ang kuhay ng mga ito;
- Licton Springs: naglalagay ng fiber optic na mga linya upang maragdagan ang kahusayan ng sistema;
- Northgate: naglilipat ng utility line upang suportahan ang ekstensyon ng Sound Transit's light rail;
- High Point: nagkakabit ng pinabuting sistema ng grounding; trenching at drilling;
- Fauntleroy/Denny Blaine Park: pinabubuti ang mga ilaw ng kalye, kabilang ang pagkakabit ng bagong conduit;
- First Hill, E. Columbia St.: nagdaragdag ng kapasidad ng linya ng koryente para sa kahusayan ng sistema.

Bisitahin ang aming web page para sa mga detalye: www.seattle.gov/light/construction

Mula sa paligid
"Habang bumubuti ang panahon, maging maingat sa paligid ng mga linya ng koryente. Gamitin ang mga non-conducting na mga materyales para sa mga saranggola, tulad ng plastic, papel, at pantali. Huwag gumamit ng alambre, metal o foil. Tumingin muna bago kayo umakyat ng puno o bumuo ng isang bahay-bahayan sa puno. At huwag kailanman pumutol ng puno malapit sa mga linya ng koryente."
- Jay Hotell, City Light na manggagawa ng linya

Phone apps para sa inyo
Ang mobile phone apps ng City Light ay nagpapahintulot sa inyo na magbayad ng mga singil, sumuri ng mga kakulangan, makapag-report ng patay na ilaw ng kalye , o makipag-ugnay sa amin. Lahat ng mga gumagamit ng cellphone na may koneksyon sa internet ay maaring gumamit ng ang tampok na ito sa pamamagitan ng pag-type ng http://m.seattle.gov/light sa inyong mobile browser.

Mga kasosyo sa komunidad
Ang City Light Volunteer Program ay nagiging abala sa taong ito. Sa Abril, sumali kami sa samahang Rebuild Seattle upang magsagawa ng mga pagpapabuti sa bahay ng isang kustomer na may mababang kinikita. Ang aming mga boluntaryo ay gumugol din ng isang araw ng pagtanim at paglagay ng mulch sa kahabaan ng Duwamish River upang makatulong sa pagpapanumbalik ang tirahan ng mga hayop. Ngayong Agosto, plano namin ng isa pang paglilinis Skagit River, at sa taglagas, muli kaming lalahok sa taunang American Heart Association Heart Walk. Ang suklian ng pagserbisyo ang isa sa aming mga core values na niyakap ng mga empleyado ng City Light. Matuto nang higit pa sa www.seattle.gov/light/comm_inv/.